# *Ministeryo Yugto 2*

Tayo'y magpapatuloy sa mensaheng ito upang salitain ang tungkol sa Salitang ministerio upang mas maunawaang mas mabuti kung paanong nais ng Dios na paglingkuran natin Siya at kung paanong mas magagawa nating mabuti sa paglilingkod sa Dios. Sa nakaraang mensahe tinalakay natin ang apat ng Salita:

***I. Shareth:***
***II. Obadah:***
***III. Yad:***
***IV. Leitourgia:***

Sa mensaheng ito tatalakayin Salita:

***V. Diakonia: "7 O kung ministerio, ay gamitin natin ang ating sarili sa ating ministerio; o ang nagtuturo, ay sa kaniyang pagtuturo;" (Roma 12:7 KJV)*** Diakonia maaari itong kabilang sa mga sumusunod:

***A. Ang Diakonia ay maaaring mangahulugan ng paglilingkod o ministeryo kung saan ipinatutupad natin ang mga utos ng iba:*** Ibig sabihin tayo ay nasa ilalim ng iba na nag uutos sa atin at nagtuturo sa atin ng kailangan nating gawin: Ating basahin ang sumusunod na talata upang maunawaan ang pagsasagawa at ang kahulugan ng **'Diakonia'**, ***"38 Sa pagyaon nga nila sa kanilang lakad, ay pumasok siya sa isang nayon: at isang babaing nagngangalang Marta, ay tinanggap siya sa kaniyang bahay. 39 At siya'y may isang kapatid na tinatawag na Maria, na naupo rin naman sa mga paanan ng Panginoon, at pinakikinggan ang kaniyang salita. 40 Nguni't si Marta ay naliligalig sa maraming paglilingkod; at siya'y lumapit sa kaniya, at sinabi, Panginoon, wala bagang anoman sa iyo, na pabayaan ako ng aking kapatid na babae na maglingkod na magisa? iutos mo nga sa kaniya na ako'y tulungan niya. 41 Datapuwa't sumagot ang Panginoon, at sinabi sa kaniya, Marta, Marta naliligalig ka at nababagabag tungkol sa maraming bagay: 42 Datapuwa't isang bagay ang kinakailangan: sapagka't pinili ni Maria ang magaling na bahagi, na hindi aalisin sa kaniya." (Lucas 10:38-42 KJV)*** Si Marta dito ay ginagawa ang kanyang sariling kagustuhan at hindi siya nakikinig kay Jesus. Si Marta ay dapat makinig sa Kanya bago siya gumawa ng anumang bagay. Ang ministeryo sa ilang pagkakataon ay gagawin sa ilalim ng isang tao at kailangan mong makinig sa mga tagubilin at gawin ng taong iyon, kaya sa paraang iyon ay maiwasan ang pagkalito at kaguluhan. Huwag mo na sana gawin ang iyong sarili!

Kailangan nating magpasalamat sa Dios at pahalagahan na inilagay Niya tayo sa ministeryo,

***"12 Nagpapasalamat ako sa kaniya na nagpapalakas sa akin, kay Cristo Jesus na Panginoon natin, sapagka't ako'y inari niyang tapat, na ako'y inilagay sa paglilingkod sa kaniya;" (1 Timoteo 1:12 KJV)*** Kaya magpasalamat sa Dios na naglagay ng ministeryo sa atin, at kailangan nating sumunod sa utos mula sa mga nag utos sa atin upang maging karapat dapat ang ating paglilingkod sa Dios,

Sa ***2 Timoteo 4:11,*** sinabi ni Pablo ang sumusunod tungkol kay Marcus, ***"11 Si Lucas lamang ang kasama ko. Kaunin mo si Marcos, at ipagsama mo; sapagka't siya'y napapakinabangan ko sa ministerio." (2 Timoteo 4:11 KJV)*** Si Marcos noon ay nagdulot ng hirap kay Pablo sa kanyang unang paglalakbay bilang misyonero, nang lisanin ni Marcos si Pablo at ang kanyang grupo sa Pamphelia at bumalik sa Jerusalem. Ito ang mababasa natin sa ***Mga Gawa 13:13, "13 Nagsitulak nga sa Pafos si Pablo at ang kaniyang mga kasama, at sumadsad sa Perga ng Pamfilia: at humiwalay sa kanila si Juan at nagbalik sa Jerusalem." (Mga Gawa 13:13 KJV)*** Ang ginawa ni Marcos na tinatawag na Juan dito, ay isang masamang karanasan kay Pablo at sa ministeryo, samakatuwid, kahit na kalaunan sa ikalawang misyonerong paglalakbay ni Pablo, iminungkahi ni Bernabe na isama si Marcos, ngunit itinanggi ni Pablo ang kahilingan na iyon dahil natatakot si Pablo na gagawin din ni Marcos ang dati, ***"37 At inibig ni Bernabe na kanilang isama naman si Juan, na tinatawag na Marcos, 38 Datapuwa't hindi minagaling ni Pablo na isama nila ang humiwalay sa kanila mula sa Pamfilia, at hindi sumama sa kanila sa gawain." (Mga Gawa 15:37-38 KJV)*** Ngunit salamat sa Dios, sa wakas, nagsisisi si Marcos at bumalik sa gawain ng Dios, at iminungkahi kahit kay Pablo na masangkot sa ministerio gaya ng mababasa natin dito sa ***"11 Si Lucas lamang ang kasama ko. <u>Kaunin mo si Marcos, at ipagsama mo; sapagka't siya'y napapakinabangan ko sa ministerio.</u>" (2 Timoteo 4:11 KJV)*** Kaya, maging masunurin sa utos, upang maging karapat dapat sa ministerio. Panginoon dalangin ko para sa mga nilisan ang ministeryo tulad ni Marcos at ibalik silang muli sa pangalan ni Jesus, Amen.

***B. Ang Diakonia ay maaaring mangahulugan ng ministeryo ng mga taong sa pinag utusan ng Dios na ipahayag at itaguyod ang Salita ng Dios sa mga tao:*** Ang halimbawa niyon ay ang babasahin natin dito, ***"25 Upang tanggapin ang katungkulan sa <u>ministeriong</u> ito at pagkaapostol na kinahulugan ni Judas, upang siya'y makaparoon sa kaniyang sariling kalalagyan. 26 At sila'y pinagsapalaran nila; at nagkapalad si Matias; at siya'y ibinilang sa labingisang apostol." (Mga Gawa 1:25 KJV)*** Dito ang mga Apostoles na nag

utos ng direkta sa pamamagitan ni Jesus para ipalaganap ang Salita ng Dios, at gumawa ng mga alagad, kinailangan nilang magtatag ng ibang tao na gawin ang gawain sa halip ni Judas Iscariot na nagtaksil sa Panginoon at pumunta sa kung saan siya nabibilang. * Ang ministeryo ay dapat magpatuloy sa anumang paraan. Sa mga nagpasyang lisanin ang ministeryo, gagamitin ng Dios ang iba upang ipagpatuloy ang ministerio ng pagpapalaganap ng Salita ng Dios. Tinawag tayo ng Dios upang yumaon at dalhin ang ministerio ng pakikipagkasundo sa iba. Ang lahat ng ministeryo ng simbahan ay pinagaan sa pahayag na ito: ***"18 Datapuwa't ang lahat ng mga bagay ay pawang sa Dios, na pinakipagkasundo tayo sa kaniya rin sa pamamagitan ni Cristo, at ibinigay sa amin ang ministerio sa pagkakasundo;" (2 Corinto 5:18 KJV)*** * Ang ministeryo ng pakikipagkasundo, sa kung saan, tinawag tayo upang ipahayag ng Salita ng Dios, at aliwin ang sanglibutan sa kanilang mga kasalanan at ibigay sa kanila ang solusyon na magsisi at bumalik sa Dios sa pamamagitan ng pananampalataya sa JesuCristo ng ating Tagapagligtas at Panginoon.

***C. Ang Diakonia ay maaaring mangahulugan ng paglilingkod o ministeryo ng katungkulan ng mga apostol at ng pangangasiwa nito: "4 Datapuwa't magsisipanatili kaming matibay sa pananalangin, at sa ministerio ng salita." (Mga Gawa 6:4 KJV)*** Ibinigay dito ng mga apostol ang kanilang sarili sa ministerio na tinawag sila ng Dios na gawin; sa pananalangin at ituro ang Salita ng Dios. Minsan ang mga pagsubok at pamimilit ng ministerio ay maaring sumubok na ilayo ng kung anong itinalaga ng Dios para atin na gawin, ngunit kailangan na maging maingat na huwag maanod palayo. Kailangan nating may kamalayan at magpasiya na tapusin ang ministeryo na itinalaga ng Dios para sa atin.

Ang halimbawa ni Apostol Pablo ay mabuting halimbawa para sa atin ngayon; determinado siyang tapusin ang ministeryo na natanggap niya mula sa Panginoon sa kabila ng lahat ng problema, hirap at mga pag uusig na kanyang pinagdadaanan, ***"24 Datapuwa't hindi ko minamahal ang aking buhay na waring sa akin ay mahalaga, maganap ko lamang ang aking katungkulan, at ang ministeriong tinanggap ko sa Panginoong Jesus, na magpatotoo ng evangelio ng biyaya ng Dios." (Mga Gawa 20:24 KJV)*** Dapat nating gawin ang lahat ng ating makakaya upang batahin ang lahat ng mga paghihirap upang tapusin ang ating ministeryo at gawin iyon ng may kagalakan, at upang patotohanan ang tungkol sa evangelio ng biyaya ng Dios sa lahat ng mga tao, ng mga nakapaligid sa atin, at ang mga nasa malayong lugar.

Ang ministerio ay isang pribelihiyo at awa mula sa Dios; kaya kailangan mahikayat at maging matatag at huwag bigyang daan na manghina sa mga pagsubok at pagsalungat. ***"1 Kaya nga sa pagkakaroon namin ng ministeriong ito, ayon sa aming tinanggap na kaawaan, ay hindi kami nanghihina." (2 Corinto 4:1 KJV)*** A Ang pag uusig ay maaaring dumating upang hadlangan tayo na magbigay ng katanggap tanggap na ministeryo sa ating Panginoong Dios, ngunit kailangan nating maging matatag upang ipagpatuloy ang ministeryo na ipinagkatiwala sa atin ng Dios.

Ang diablo ay palaging susubukan upang ipakilala tayong masama sa harap ng mga tao. Ngunit ang pagkakaroon ng ministeryo ay ang awa ng Dios na magbibigay daan sa atin upang matiis ang pag uusig. Kaya kailangan nating magtiis, tapusin ang ating ministeryo at huwag talikuran ang paggawa nito hanggang sa dumating ang Dios at lubos tayong iligtas.

Tulad ng pagliligtas ng Dios kay Pablo mula sa mga taong hindi naniniwala sa Judaea, at tinulungan siyang magbigay ng katanggap-tanggap na ministeryo sa mga banal sa Jerusalem, Tutulungan din Niya tayo at papaging dapatin tayong magpatotoo tulad ng patotoo ni Pablo: ***"31 Upang ako'y maligtas sa mga hindi nagsisisampalataya na nangasa Judea, at nang ang aking pamamahagi sa Jerusalem ay maging kalugodlugod sa mga banal;" (Roma 15:31 KJV)***

***D. Ang Diakonia ay maaaring mangahulugan ng paglilingkod o ministeryo ng Banal na Espiritu sa mga katungkulan ng mga propeta, evanghelista, pastor at guro:*** Ating basahin, ***2 Corinto 3:7-9, "7 Nguni't kung ang pangangasiwa ng kamatayan, na nasusulat, at nauukit sa mga bato, ay nangyaring may kaluwalhatian, ano pa't ang mga anak ni Israel ay hindi makatitig sa mukha ni Moises, dahil sa kaluwalhatian ng kaniyang mukha; na ang kaluwalhatiang ito'y lumilipas: 8 Paanong hindi lalong magkakaroon ng kaluwalhatian ang pangangasiwa ng espiritu? 9 Sapagka't kung ang pangangasiwa ng kahatulan ay may kaluwalhatian, ay bagkus pa ngang higit na sagana sa kaluwalhatian ang pangasiwang ukol sa katuwiran." (2 Corinto 3:7-9 KJV)*** Kailangan tayong mapangunahan ng Banal na Espiritu sa anumang kaloob na tinanggap natin upang paglingkuran at pasakdalin ang mga banal. ***"11 At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro; 12 Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo:" (Epeso 411-12 KJV)*** Kailangan nating maging maingat na huwag gumawa ng mga paglabag at huwag ulitin ang mga maling bagay na magiging dahilan ang ministeryo na mapahiya. ***"3 Na di nagbibigay ng kadahilanang ikatitisod sa anoman, upang ang aming ministerio ay huwag mapulaan;" (2 Corinto 6:3 KJV)***

Ang paggawa ng lahat ng mga kinakailangang ito ay nangangahulugan ng kahandaan mula sa ating panig na magdusa at magtiis ng hirap tuwing tayo ay tinawag na gawin ang ministeryo, gayundin kabilang dito ang panatilihin ang pag eevangelio at ibigay ang buong patunay ng ating ministeryo tulad ng tagubilin ni Pablo kay Timoteo: ***"5 Na di nagbibigay ng kadahilanang ikatitisod sa anoman, upang <u>ang aming ministerio ay huwag mapulaan</u>;" (2 Timoteo 4:5 KJV)***

***E. Ang Diakonia ay maaaring mangahulugan ng paglilingkod o ministeryo ng mga taong naghahanda at nagtatanghal ng mga kawanggawa gaya ng pagkain at iba pang mga pangangailangan:*** Ito ang mga katungkulan mga ministeryo ng mga Cristiano sa mga nagbibigay sa iba ng kanilang pangangailangan. Sila ang tumutulong upang tugunan ang pangangailangan ng iba,, alinman sa pamamagitan ng pangongolekta o pagbibigay ng  mga kawanggawa.
Ating basahin at pagnilayan ang mga sumusunod na  Kasulatan upang mas maunawaan natin ang ganitong uri ng paglilingkod o ministeryo:

1. ***"19 Nalalaman ko ang iyong mga gawa, at ang iyong <u>pagibig</u>, at <u>ministerio</u> at pananampalataya at pagtitiis, at ang iyong mga huling gawa ay higit kay sa mga una." (Pahayag 2:19 KJV)*** Tinawag tayo ng Dios upang magkaroon ng mabubuting gawa, upang ialay ang paglilingkod at pagibig sa mga kapatid.
2. ***"29 At ang mga alagad, ayon sa kaya ng bawa't isa, ay nangagpasiyang magpadala ng <u>saklolo</u> sa mga kapatid na nangananahan sa Judea:" (Mga Gawa 11:29 KJV)*** Tinawag tayo ng Dios upang magbigay o magpadala ng saklolo sa ating mga kapatid na nasa mga kaguluhan at sa mga nangangailangan.
3. ***"4 Na lubhang ipinamamanhik sa amin ang tungkol sa biyayang ito at <u>sa pakikisama sa pangangasiwa ng mga abuloy sa mga banal:</u>" (2 Corinto 8:4 KJV)*** Bilang tayo'y nanalangin upang tanggapin ang mga kaloob ng Banal na Espiritu, kailangan nating maging handa sa mga pananagutan upang paglingkuran ang iba, lalo na ang pamilya ng mga mananampalataya gaya ng mababasa natin dito: ***"1 Sapagka't tungkol sa <u>pangangasiwa ng mga abuloy sa mga banal</u>, ay kalabisan na sa akin ang isulat ko pa. 12 Sapagka't ang pangangasiwa sa paglilingkod na ito ay hindi lamang tumatakip sa pangangailangan ng mga banal, kundi naman umaapaw sa pamamagitan ng maraming pagpapasalamat sa Dios; 13 Palibhasa'y sa pagsubok sa inyo sa pamamagitan ng ministeriong ito ay niluluwalhati nila ang Dios dahil sa pagtalima ng inyong pagkilala sa evangelio ni Cristo, at dahil sa kagandahang-loob ng inyong ambag sa kanila at sa lahat;." (2 Corinto 9:1, 12-13 KJV)***
4. ***"8 Aking sinamsaman ang ibang mga iglesia, sa pagtanggap ko ng upa sa kanila, upang ipangasiwa ko sa inyo;" (2 Corinto 11:8 KJV)*** Hindi natin dapat ibukod ang ilang kapatid at mas mabigat ang pasanin natin sa iba sa paggawa ng ministeryo. Dapat nating ilagay ang pasanin at pananagutan para sa bawat kasapi ng simbahan. Dapat malaman ng bawat isa ang kanyang atas, at maging masigasig na gawin ang mga ito. Dapat nating tiyakin na ang lahat ay gumagawa ng kanyang paglilingkod sa Dios ay sa tamang paraan.

***F.  Ang Diakonia ay maaaring mangahulugan ng paglilingkod o ministeryo ng katungkulan ng diakono sa simbahan: "15 Ipinamamanhik ko nga sa inyo, mga kapatid (nalalaman ninyo na ang sangbahayan ni Estefanas ay siyang pangunahing bunga ng Acaya, at nangagsitalaga sa paglilingkod sa mga banal)," (1 Corinto 16:15 KJV)*** Ang sangbahayan ni Estefanas ay unang nanampalataya sa Acaya. Si Pablo ay nasiyahan at humanga sa kanila dahil sila'y nalulong sa paglilingkod at paghihintay sa pangangailangan ng mga tao sa simbahan ng Corinto. * Tinawag tayo ng Dios upang paglingkuran ang Kanyang bayab at idisipulo sila at tugunan ang kanilang pangangailangan, ngunit hindi ang kanilang mga gusto. * Ang ministeryo ay nangangailangan ng pagtitiyaga, gayundin nangangailangan ng kaalaman na dapat nating malaman kung ano ang mabuti at wasto na kailangan nating gawin. Gayundin kailangan nating malulong sa paggawa ng mabuti, kapaki pakinabang at kailangan ng mga kapatid.

***Sa aking mahal at minamahal: "1 Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na siya ninyong katampatang pagsamba." (Roma 12:1 KJV)*** Gaya ng nabasa at narinig mo at naliwanagan sa Salita ng Dios, ipangako ang iyong buhay sa ministeryo ng Dios, pagpapasakop sa iyong sarili upang maglingkod sa Dios sa mga patnubay na itinuturo sa atin ng Salita ng Dios ngayon, upang ang kaligtasan ng Dios at ng Kanyang Salita ay lumaganap sa iba at pagyamanin ng simbahan ng Dios at ng mga banal. Tayo ay manalangin…..

***Ang aking Panalangin:*** Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na nagawa kong maunawaan ang iyong kalooban. Panginoon salamat para sa iyong pagsasaalang alang sa aking katapatan at pagtawag sa akin upang paglingkuran ka.

Ating ipagtapat at talikuran ang ating mga kasalanan, Aminin at talikdan ang iyong pagkamakasarili, ang iyong kamunduhan at ang iyong pagibig para sa materyal na mga bagay. Aminin at talikdan ang iyong walang kahandaang maglingkod at magdusa para kay Cristo at tumulong sa pamilya ng mga mananampalataya. Aminin at talikdan ang iyong kawalan ng pagibig at awa na abutin ang naliligaw na mga kaluluwa at ibigay sa kanila ang evangelio. Aminin at talikdan ang iyong pagsuway at ang iyong kawalang kahandaang sumunod sa mga utos. Aminin at talikdan ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya at pagsasayang ng iyong oras sa Media, Mga balita at laro. Aminin at talikdan ang iyong masamang pangangasiwa at iyong masamang halimbawa sa iba. Panginoon Ako'y nagsisisi, patawarin ako sa mga sumusunod na kasalanan ____________________

Panginoon ipinangako ko ang aking sarili sa mga alintunin na aking natutunan mula sa iyong Salita. Panginoon iniaalay ko ang mga bahagi ng aking katawan bilang isang buhay na handog upang paglingkuran ka at gawin ang iyong gawain nang lubos bilang iyong itinalaga sa akin na maging. Panginoon puspusin ako ng Banal na Espiritu at pagkalooban ako ng espirituwal na mga kaloob na kailangan ko sa aking buhay upang patuloy at paglingkuran ka at ipalaganap ang iyong Salita at gawin ang ministeryo na nais mong gawin ko.

Panginoon bigyan ako ng mabuting kalusugan, kalakasan at pagtitiyaga na patuloy na maging mabunga at epektibo hanggang dumating ka at kunin ako kasama mo. Panginoon ako'y nagpapasalamat at pinupuri ka sapagkat tinawag mo ako upang paglingkuran ka. Panginoon Ako'y nagpapasalamat sa iyo at pinupuri ka para sa mabubuting bagay na ginawa mo sa aking buhay.

Panginoon dalangin ko para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang buhay upang paglingkuran ka at mamuhay na naayon sa aming napag aralan sa iyong Salita. Panginoon bigyan sila ng katapangan at alalayan sila na ipangaral ang iyong Salita at iyong kalooban sa mga taong ipinadala mo sa kanila. Panginoon protektahan sila at ibigay ang kanilang pangangailangan. Panginoon puspusin sila ng Banal na Espiritu upang sila'y makapunta at mag evangelio at gumawa ng mga disipulo. Panginoon hayaan ang kanilang buhay at patotoo na makaakit sa iba upang dalhin sila sa iyong Kaharian.

Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at ipagkaloob sa amin ang mga espirituwal na kaloob na kailangan namin upang magpatuloy at gumawa ng mga disipulo sa lahat ng bansa. Panginoon paging dapatin mo kami upang ipahayag ang iyong Salita nang buo sa mga taong iyong ipinapadala sa amin. Panginoon paging dapatin kami upang mag evangelio at maabot ang mga naliligaw at bagong lugar ng Evangelio ni Jesus. Panginoon tulungan kaming magtanim ng mga bagong pag aaral ng Bibliya, mga bagong kapisanan, at magtatag ng mas maraming mga disipulo at manggagawa na maglilingkod sa iyo. Panginoon patuloy kaming protektahan at ibigay ang lahat ng aming pangangailangan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang ating lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyava ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios at pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com